### *Habang may baha*

1. Umiwas sa mga lugar na may tubig baha lalo na kung hindi nakatitiyak sa lalim nito.
2. Kung may dalang sasakyan at inabot sa lugar na may baha, huwag piliting tumawid sa malakas na agos ng tubig na di alam kung gaano kalalim.
3. Huwag payagang maglaro ang mga bata sa tubig baha.
4. Lutuing mabuti ang pagkain at pakuluan ang tubig inumin.





### *Pagkatapos ng baha*

1. Gumamit ng flashlight kapag muling pumasok sa iniwang bahay na nabaha.
2. Siguraduhing nasiyasat ng mabuti ng isang marunong sa pagkumpuni ng linya ng kuryente ang mga switch, outlet at linya na nabasa, ganundin ang mga gamit na de-kuryente bago gamitin uli.
3. Tiyaking hindi nakontamina ng tubig baha ang mga pagkain at inumin. Pakuluan ang tubig para makasiguro.
4. Iulat sa kinauukulan ang mga nasirang pasilidad gaya ng poste at linya ng kuryente, tubo ng tubig, daan, tulay at iba pa.

*Ginamit na sanggunian ang mga flyers ng READY Project ng NDCC, PH/VOLCS, PAGASA, MGB, NAMR/A*

*Unang inilathala ng Strengthening Assets and Capacities of Communities and Local Governments for Resilience to Disasters (ACCORD Project)*

# BAHA



*Muling inilimbag ng*

**DRR Activity-linked Humanitarian Assistance to Vulnerable households in the Philippines affected by Nesat and Nalgae (N & N Project)**

*At ng*

**Immediate humanitarian response to the populations most affected by Typhoon Washi in the Philippines (WASHI Project)**


EUROPEAN COMMISSION
Humanitarian Aid and Civil Protection

care

ACCORD

# Ano ang baha?

Ang baha ay pagtaas ng tubig na higit sa kapasidad ng ilog at iba pang daluyan nito. Ang resulta ay ang pag-apaw ng tubig sa kapatagan.



## Anong mga pinsala ang dulot ng baha?

1. Bumabagal o tumitigil ang takbo ng transportasyon
2. Walang pasok sa mga apektadong paaralan, opisina at iba pang lugar ng trabaho
3. May nasisirang mga pananim
4. May nasisirang mga bahay at kagamitan
5. May nasisirang mga tulay, daan at iba pang imprastraktura
6. May mga komunidad na kailangang lumikas
7. May mga taong nagkakasakit at namamatay

## Anong mga lugar ang bulnerable sa baha?

Bulnerable sa baha ang maraming lugar sa Pilipinas sa panahon ng tag-ulan, mga bagyo at habagat, laluna ang mga komunidad na malapit sa dagat at ilog o nasa mababababang lugar.


Photo by: Edward Allen L. Lim

# Ano ang maaaring gawin na paghahanda sa baha?

***Bago mangyari ang baha***

1. Alamin ang warning system sa baha ng inyong komunidad.
2. Obserbahan ang sitwasyon sa inyong lugar at makinig sa ulat ng panahon.
3. Makipag-ugnayan sa inyong Barangay Disaster Coordinating Council o BDCC.
4. Makinig sa opisyal na warning signal na ibibigay ng miyembro ng BDCC na nakatalaga sa inyong lugar.







5. Ihanda ang mga kinakailangang dalhin sa paglikas tulad ng damit, kumot, pagkain, maiinom na tubig, gamot, posporo, kandila, flashlight, radyong de baterya, banig at iba pa.
6. Itago o ilagay sa plastik ang inyong mahahalagang dokumento.
7. Mag-ipon ng malinis na inuming tubig.




8. Siguraduhin na magkakasama ang mga miyembro ng pamilya at handa ang bawat isa sa dapat gawin.
9. Alamin ang pinakamalapit na evacuation center at ang pinakaligtas na daan patungo doon.
10. Hintayin ang signal sa paghahanda at paglikas na gagawin.
11. Makipag-ugnayan sa BDCC kung saan man lilikas.
12. Lumikas habang pwede pang lumabas ng bahay at makapunta sa lilikasan.
13. Ilipat sa ligtas na lugar ang mga alagang hayop.
14. Patayin ang linya ng kuryente at ikandado ang bahay pag-alis ng bahay.
15. Tumulong na magtanim ng mga puno.
16. Huwag magtapon ng basura lalo na ng mga plastik na supot sa mga kanal, sapa at ilog.
17. Panatilihing malinis ang kapaligiran kabilang na ang mga daluyan ng tubig na malapit sa inyong bahay.
18. Tumulong sa mga gawaing pangkomunidad na naglalayong mabawasan ang pagbaha katulad ng river dredging at pagtatayo ng flood control.